

Mga Tagubilin sa Iyong EGD AT SIGMOIDOSKOPYA

Mangyaring basahin ang mga tagubiling ito isang linggo bago ang iyong pamamaraan.

Ano ang isang EGD?

Isang EGD (Esopagogastroduodenoskopya o Pang-itaas na GI na Endoskopya) ay isinasagawa upang suriin ang mga sintomas ng malimit na pananakit ng pang-itaas na bahagi ng tiyan, pagkahilo, pagsusuka o kahirapan sa paglunok. Ito rin ay ginagamit upang hanapin ang pagdurugo mula sa pang-itaas na GI na daluyan at magbigay ng posibleng panggagamot.

Ano ang isang Sigmoidoskopya?

Naibabaluktot na sigmoidoskopya ay isang diagnostikong pamamaraan na ginagamit upang salain ang mga abnormalidad sa sigmoid na kolon. Ang pamamaraang ito ay sumusuri sa sigmoid na kolon (mababang ikatlo ng kolon) na ginagamit ang isang nailawang naibabaluktot na scope na ipinapasok sa butas ng puwit at umaabot hanggang sa esplenikong kurba. Posible na kumuha ng biyopsiya sa panahon ng pamamaraan.

Anong oras ako darating at gaano katagal aabutin ang pamamaraan?

Mangyaring dumating sa GI Lab 30 minuto bago ang pamamaraan, upang ang pangangalaga, anestesya (kung maikakapit at ang manggagamot ay masusuri ka at ihanda ka para sa iyong pamamaraan. Iplano na gumugol ng humigit-kumulang 1 ½-2 oras sa GI Lab.

Mangyaring tandaan:

Ang oras ng iyong pamamaraan ay iniskedyul ay ang aming pinakamahusay na pagtataya kung kailan magsisimula ang iyong pamamaraan. Kalagayan ay lilitaw, hal, emerhensiya, na maaaring bumago ng iniskedyul na oras. Gagawin namin ang aming makakaya upang abisuhan ka sa anumang mga pagbabago sa iskedyul.

Mga Lokasyon ng GI Lab

Ospital ng Evanston	2650 Ridge Ave.	Silid 1134	Evanston, IL 60201	(847) 570-2236
Ospital ng Glenbrook	2100 Pfingsten Road	1 ^{ng} Palapag	Glenview, IL 60026	(847) 657- 5780
Ospital ng Highland Park	777 Park Ave West	B345	Highland Park, IL 60035	(847) 480-2828
Grupong Medikal ng Highland Park Gastroenterolohiya	1777 Green Bay Road	201	Highland Park, IL	(847) 681-4229
Ospital ng Skokie	9600 Gross Point Road	1 ^{ng} Palapag	Skokie, IL 60076	(847) 933-6565
Mga Specialty Suite ng Vernon Hills	225 N. Milwaukee Ave.	1 ^{ng} Palapag	Vernon Hills, IL 60061	(847) 941-7660

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay isang diyabetiko?

Mangyaring tanungin ang iyong manggagamot ng primaryang pangangalaga (MPP) upang tagubilinan ka tungkol sa iyong pag-inom ng mga gamot sa diyabetis bago ang iyong Sigmoidoskopya.

Ano ang dapat na gawin ko kung ako ay umiinom ng pampalabnaw ng dugo o mayroong stent sa puso?

Kung mayroon kang stent sa puso O umiinom ka ng gamot tulad ng Coumadin, Plavix, Ticlid, Lovenox, Pradaxa, Xarelto o anumang ibang pampalabnaw ng dugo, mangyaring kontakin ang iyong nagresetang manggagamot upang matiyak kung dapat mong ihinto ang gamot na ito bago ang pamamaraan. Abisuhan ang aming opisina kung ikaw ay pinayuhan na hindi huminto sa isa o higit pa sa mga gamot na ito. AYOS lamang na ipagpatuloy ang aspirin o ibang NSAIDs (Advil, Aleve, Ibuprofen, atbp) bago ang iyong pamamaraan.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay mayroong dispibrilador o pacemaker sa puso?

Iyong aparato ay dapat matsek sa loob ng 6 buwan ng iyong iniskedyul na pamamaraan. Kung hindi pa ito natsek sa isang pasilidad ng Northshore, mangyaring magdala ng dokumentasyon sa araw ng iyong pamamaraan na kumukumpirma na natsek ito sa ibang pasilidad.

Kung mayroon kang dispibrilador o pacemaker, mangyaring kontakin ang GI Lab bago ang iyong iniskedyul na pamamaraan.

Glenbrook	(847) 657-5780
Evanston	(847) 570-2236
Highland Park	(847) 480-2828
Skokie	(847) 933-6565

❖ Ilang mga araw bago ang pamamaraan:

- Bumili ng dalawang labatiba sa anumang tindahan ng gamot o parmasya na walang reseta.
- Itsek sa iyong kompanya ng seguro upang malaman kung kailangan mong maging sertipikado bago ang pamamaraan o kung kailangan mong kumuha ng reperal mula sa iyong manggagamot ng primaryang pangangalaga.

❖ Sa araw bago ng Iyong Pamamaraan

- Huwag kumain o uminom pagkatapos ng hatinggabi ang araw bago ang iyong pamamaraan.

❖ Sa Araw ng Iyong Pamamaraan:

- Gamitin ang unang labatiba 2 oras bago ka dumating sa GI Lab.
- Gamitin ang ikalawang labatiba bago ka dumating sa GI Lab. Dapat humiga ka sa iyong kaliwang tagiliran kapag gumagamit ng labatiba. Upang makakuha ng pinakamahasay na resulta, subukang pigilin sa pinakamahasayang posible (hal. 5 minuto)

Espesyal na mga Tagubilin:

1. **Esensiyal** na isang tao ang maaaring samahan ka pauwi ng bahay ng nasa oras pagkatapos ng iyong pamamaraan; ito ay karaniwang 2-3 oras pagkatapos ng oras ng pagsisimula ng iyong pamamaraan. Kung plano mong sumakay ng pampublikong transportasyon, kailangan mong gumawa ng kaayusan na isang adulto ang sumama sa iyo.
2. Pampakalma ay ginagamit sa panahon ng pamamaraan at magiging di-ligtas para sa iyo na magmaneho o magpatakbo ng anumang makinarya sa natitirang oras ng araw.
3. Hindi ka maaaring bumalik sa pagtatrabaho sa araw ng pamamaraan.
4. Hindi ka dapat gumawa ng anumang importanteng mga desisyon sa natitirang oras ng araw.
5. Kung kailangan mong kumausap sa isang nars, o kanselahin ang isang pamamaraan, mangyaring kontakin ang aming Pangunahing Opisina sa (847) 657-1900. Kung dapat mong kanselahin ang iyong pamamaraan, mangyaring abisuhan ang aming opisina ng hindi bababa sa isang linggo bago ang iyong iniskedyul na petsa ng pamamaraan.